REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

**KAUTUSANG PANGLUNGSOD BILANG 97-28**

**KAUTUSANG PANGLUNGSOD NA INAAMYENDAHAN ANG PROBISYON NG SEKSIYON 17.2 NG KAUTUSANG PANGLUNGSOD BILANG 96-66 NA IDINADAGDAG ANG TALATANG : *"AT KUNG TATAWID O BABAGTAS (CROSS-OVER) SA PANGUNAHING LANSANGAN UPANG MAGHATID O MAGSAKAY NG KANILANG MGA PASAHERO PAPUNTA O PALABAS SA PAMILIHANG BAYAN O PAARALAN".***

**************************************************************************

Ipinanukala ni : **Kon. Rafael R. Arciaga**

**************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang mga mamamayan o mag-aaral ay kinakailangan pang tumawid o bumagtas sa pangunahing lansangan upang makarating lamang sa pamilihang bayan o paaralan;

**SAPAGKAT,** ang mga traysikel lamang ang isa sa pinakamahalagang pampublikong transportasyon na makapagbibigay ng lubusang serbisyo upang maihatid ang kanilang mga pasahero sa mismong destinasyon;

**SAPAGKAT,** ang pagbibigay ng karapatan sa mga traysikel na tumawid o bumagtas sa pangunahing lansangan ay makapagdudulot ng labis na kaginhawahan hindi lamang sa maliliit na drayber ng pampasaherong traysikel, kundi lalung-lalo na sa mga mamamayang matatanda (senior citizens) at may-kapansanan na patungo o palabas sa pamilihang bayan o paaralan;

**NGAYON, DAHIL DITO,** isinasabatas ng Sangguniang Panlungsod ang pag-aamyenda sa probisyon ng Seksyon 17.2 ayon sa sumusunod :

**SEKSIYON 1.** Ang probisyon ng Seksiyon 17.2 ng Kautusang Panglungsod Bilang 96-77 na nagsasaad ng :

> **"Ang traysikel ay di dapat magsakay, maghatid o magbaba ng mga pasahero/kargada sa kahabaan ng South Expressway, daanang pangserbisyo (service roads), pangunahing lansangan (national road/highway) at sa kahabaan ng lansangan ng Alabang-Zapote, maliban kung ito ay magdadala ng pasyente papunta o palabas ng ospital, kung papunta o palabas sa himpilan ng pulisya o TRU,"**

ay daragdagan ng bagong probisyon na nagsasaad ng sumusunod :

> ***"at kung tatawid o babagtas (cross-over) sa pangunahing lansangan upang maghatid o magsakay ng kanilang mga pasahero papunta o palabas sa pamilihang bayan o paaralan."***

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod



**SEKSIYON 2.** Ang Seksiyon 17.2 ng Kautusang Panglungsod Bilang 96-77 ay babasahin ayon sa sumusunod :

> **"17.2 Ang traysikel ay di dapat magsakay, maghatid o magbaba ng mga pasahero/kargada sa kahabaan ng South Expressway, daanang pangserbisyo (service roads), pangunahing lansangan (national road/highway) at sa kahabaan ng lansangan ng Alabang-Zapote, maliban kung ito ay magdadala ng pasyente papunta o palabas ng ospital, kung papunta o palabas sa himpilan ng pulisya o TRU *"at kung tatawid o babagtas (cross-over) sa pangunahing lansangan upang maghatid o magsakay ng kanilang mga pasahero papunta o palabas sa pamilihang bayan o paaralan."***

**SEKSIYON 3.** Sugnay na Nagbibigay Bisa. - Ang Kautusang ito ay magkakabisa kaagad matapos ang sampung (10) ng pagpapatibay.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ngayong **10 Nobyembre 1997, sa ginanap na ika-104 Regular na Sesyon.**

**SUMANG-AYON :**

| | |
|---|---|
| **KGG. MELCHOR R. TEVES**<br>Konsehal | **KGG. DANTE S. ALMARIO**<br>Konsehal |
| **KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**<br>Konsehal | **KGG. VICTOR L. ULANDAY**<br>Konsehal |
| **KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**<br>Konsehal | **KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**<br>Konsehal |
| **KGG. JO JASON T. ALCARAZ**<br>Konsehal | **KGG. REY E. BULAY**<br>Konsehal |
| **KGG. ROMAN E. NIEFES**<br>Konsehal | **KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**<br>Konsehal |

*Pahina -3-*
*Kautusang Panglungsod Bilang 97-28*

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong-Barangay

**LIBAN :**

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN :**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

11/20

Petsa:____________________